IJMERI Journal

Volume 01 Issue 04 | November 2023

Article 19

**E- ISSN:** 2980-4760
**P- ISSN:** 2980-4752

DOI: 10.17613/xjn8-f189

# Ang Konseptong AIDA sa mga Kwentong Jollibee 2016-2022

**Sheryl T. Milan**
sherylmilan93@gmail.com
Teacher I, Mabini Colleges, Inc.,
Daet Camarines Norte, Philippines

**International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation** is an international peer-reviewed academic journal that highly values the importance of developing knowledge in multidisciplinary educational and innovative research. The journal's scope is broad, with the goals of disseminating information and providing a place for discussion, theoretical inquiry, practical applications, research discoveries, and experimentations in the field of education.

**Recommended Citation**
Milan, S. (2023). Ang Konseptong AIDA sa mga Kwentong Jollibee 2016-2022. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation. 1*(4), 270-290. https://doi.org/10.17613/xjn8-f189.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon. An appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made are indicated.



Published by IJMERI, Saint Joseph College, Southern Leyte, Philippines
Website: http://www.ijmeri.com/
This is an open access article under the CC BY license

International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation

ORIGINAL ARTICLE

# ANG KONSEPTONG AIDA SA MGA KWENTONG JOLLIBEE 2016-2022

**Sheryl T. Milan**[1]

[1]*Mabini Colleges, Inc., Daet Camarines Norte, Philippines*




**Received:** August 2023

**Revised:** September 2023

**Accepted:** October 2023

**Available:** November 2023

## ABSTRAK

Ang mga kwentong Jollibee na dinalumat ng mananaliksik ay binubuo ng tatlumpot-siyam (39) na mga kwentong hango sa totoong buhay. Tinatalakay ng pag-aaral na ito ang mga konseptong AIDA sa mga kwentong Jollibee sa paraang panghihikayat sa madla gamit ang advertising. Layunin nito na mailahad ang kaugnayan ng konseptong AIDA sa mga kwentong binibigyang tampok ng Jollibee sa iba't ibang selebrasyon mula sa taong 2016-2022. Kaya naman gumamit ng metodong pagsusuri ng dokumento (document analysis), at thematic analysis ang mananaliksik. Ang prosesong ito ay nagsasangkot ng pagsusuri ng mga elektroniko at pisikal na dokumento upang bigyang-kahulugan ang mga ito, magkaroon ng pag-unawa sa kanilang kahulugan at bumuo batay sa impormasyong ibinibigay ng bawat datos na susuriin. Inilatag din sa pag-aaral na ito ang iba't ibang teorya na naging sandigan upang maisakatuparan ang metodong ginamit ganoon din ang kabuuang pag-aaral. Dahil dito, natamo ng mananaliksik ang resulta ng ginawang pag-aaral kung saan, natukoy ang konseptong AIDA sa tatlumpot -siyam (39) na mga kwentong Jollibee na inisa-isa sa pamamagitan ng paglalatag sa paraang talahanayan. Makikitang ang naging interpretasyon sa isinagawang pag-aaral ay ang dulot na saya at kakaibang epekto ng mga kwentong Jollibee sa mga manonood nito, tumatangkilik ng mga produkto, at ang walang pinipiling konsyumer. Malinaw na sa sa paglalapat ng mga Konseptong AIDA sa pagpapakilala ng mga produkto ay makatutulong ng malaki upang tangkilikin ito ng mamamayan. Tulad ng pag-aaral na ito, kung saan binigyang pokus ang konseptong AIDA sa mga kwentong Jollibee. Hindi kapansin-pansin kung hindi pagtutuunan ng pansin, subalit dahil sa ilang sandigan ay nabigyan ng katuparan ang pag-aaral na ito. Makikita rin dito ang mga paksang madalas pagtuunan ng pansin sa mga kwentong Jollibee, ito ay ang mga espisyal na okasyon tulad ng; Monther's Day, Valentines Day, Grandparents Day, at ang Christmas Day. At sa bawat kwentong Jollibee, mababakas ang makatutuhanang nagaganap sa reyalidad ng buhay sa bawat pamilyang Pilipino. Ang makamasang tema nito, at damdaming naipadarama sa bawat kwento.

***Susing-salita:*** *AIDA, Jollibee, marketing, kwento, social media*

## PANIMULA

Isa sa pamamaraang ginagamit ng mga negosyante at korporasyon upang maiparating ang mga kaalaman sa iba't ibang produktong maaaring bilhin ng mga mamimili sa pamilihan ay ang advertising. Sa tulong nito, natutulungan ang mga mamimili na makapagdesisyon sa kanilang bibilhin batay sa kanilang pangangailangan, prayoridad, at badget. Sa kabilang banda, hindi lamang nagkakaroon ng advertaysing ang iba't ibang produkto dahil sa ating mga mamimili, kundi pati na rin sa mga negosyante at korporasyon. Ito ay upang magkaroon ng isang pamamaraan na madaling maakit ang mga mamimili na tangkilikin ang kanilang produktong itinatampok dito.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Mayroong dalawang uri ng advertaysing, tinatawag itong salaysay, at argumentong-descriptive. Ang salaysay na advertysing ay gumagamit ng kuwento upang kumonekta sa publiko. Habang ang argumentatibong-descriptive ay ginagamit sa pamamaraang paglalahad sa pamamagitan ng pakikipagtalastasan, kung minsa'y sa paraang paglalarawan, halimbawa nito ay ang pangalan ng produkto, at serbisyong maihahatid nito sa mga mamimili. Madalas na dito makikita ang mga paliwanag tungkol sa mga tanong kung bakit ito mahalaga?, at kung ano ang kapakipakinabang na maidudulot nito sa mga konsyumer?, kasama na ang paglalahad nito sa kaakit-akit na pamamaraan.

Persuasion through storytelling is a common belief when using emotions in advertising. Stories can evoke strong emotions in viewers. (Tellis, 2003).

Batay sa estratehiyang nabangit, makikitang malaki ang maitutulong ng pagkukwento (storytelling) upang mas mapataas ang produksyon ng produktong itinatampok. Isang magandang pamamaraang maaaring mahirap sa paglalapat ng advertysing ay ang teoryang AIDA. Ang modelong ito ay binuo noong 1898 ni St Elmo Lewis sa pagtatangkang ipaliwanag kung paano gumagana ang personal na pagbebenta. Inilatag ng modelo ang pagkakasunud-sunod na naglalarawan sa prosesong dapat pangunahan ng isang *salesperson* upang makuha ang isang potensyal na kustomer at makamit ang inaasahang benta. Ang mga yugto ng nabanggit na teorya ay ang; *Attention, Interes, Desire*, at *Action*, ang mga yugtong ito ay bumubuo ng isang linyang herarkiya.
Sa pamamagitan nito, sisipatin ng pag-aaral ang konseptong AIDA sa mga kwentong Jollibee. Tatayahin ng pag-aaral na ito kung ang mga yugto sa modelong AIDA ay pumapaimbabaw sa bawat konseptong itinatampok ng mga kwentong inilalathala *online,* titingnan ang bakas sa katuparan ng layunin ng kompanya sa kanilang produkto. Dahil sa lumalaking bilang ng mga mamamayang nakaka-*access* ng *social media*, hindi na maikakaila ang malaking epekto nito sa mga konsyumer. Ang mga *post* na kumakalat na parang *wildfire* sa iba't ibang *platform* ng *social media* ay itinuturing na mahalaga *sa viral marketing promotion*. Ang pamamaraan ng *advertisement* na ito ay kapaki-pakinabang, lalo na para sa mga negosyo, upang makamit ang kanilang mga layunin, tulad ng pagpapabuti ng kanilang imahe at tatak, pati na rin ang pagkakaroon ng mga positibong pananaw mula sa pananaw ng *customer* (Liu et al., 2017).
Ayon ng kay Bhattacharya et al., 2019, habang patuloy na umuusbong ang teknolohiya, ang mga *online* na *platform* ay nagsisilbi na ngayong mga paraan para maabot ng mga negosyo ang kanilang mga *target* na *customer* at maikalat ang balita tungkol sa kanilang mga produkto at kumpanya, na magigig dahilan upang magkaroon ng inaasahang benta. Kung kaya, kinakailangan na ang lahat ng *advertisement* na lumalabas ay kailangan nakaayon sa legal na batayan. Ayon nga sa ilalim ng;

"Per Article 110 of the Consumer Act, it is illegal for any individual to distribute or facilitate the distribution of any false, misleading, or deceptive advertisement through Philippine mail or in print, radio, television, outdoor, or other media for the purpose of influencing or likely to influence, directly or indirectly, the acquisition of consumer goods or services," stated the Department of Trade and Industry.

Kaya naman, isa sa layunin ng pag-aaral na ito na maitala ang ilang mga datos na maaring ilahad upang makapagbigay ambag sa mga susunod pang mananaliksik tungkol sa paggamit ng pagkukwento na nakaangla ang AIDA na teyorya na isa rin sa makatutulong sa larangan ng pagnenegosyo. Bukod pa rito gagawin ding sandigan ng mananaliksik ang ilang mga pag-aaral at literaturang may kaugnayan sa nabanggit na titulo ng pag-aaral, upang mas maging matibay ang paglalahat ng kasagutan sa suliraning nais masolusyunan nito. Gamit ang mga datos na makakalap, ilalatag at pag-uumpugin ang bawat pitak ng kaalaman na hindi pa naipapakita sa mga naunang pag-aaral.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

### Mga Katanungan sa Pananaliksik

Isinagawa ang pag-aaral na ito upang maglahad ng mga kasagutan sa mga sumusunod na suliranin;

1. Ano-ano ang mga nakapaloob na konseptong AIDA sa mga kwentong Jollibee.
2. Masuri ang paksa, nilalaman at koneksyon ng konseptong AIDA sa mga kwentong Jollibee.
3. Matukoy ang epekto ng mga hakbang ng modelong AIDA tungo sa matagumpay na marketing?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa *interpretative assumption*, kung kaya ang kalikasan ng pag-aaral na ito ay *qualitative*. Gumamit ng metodong pagsusuri ng dokumento (document analysis), at *thematic analysis* ang mananaliksik. Ang prosesong ito ay nagsasangkot ng pagsusuri ng mga elektroniko at pisikal na dokumento upang bigyang-kahulugan ang mga ito, magkaroon ng pag-unawa sa kanilang kahulugan at bumuo batay sa impormasyong ibinibigay ng bawat datos na susuriin. Dahil ang disenyo ng pananaliksik ay *document analysis* at *thematic analysis*, ang mananaliksik ay nagsilbing pangunahing instrumento ng pag-aaral. Sa pamamagitan din nito mahihimay ng pag-aaral ang koneksyon ng konseptong AIDA sa mga kwentong jollibee na susuriin. Kung kaya, gagamit ng talahanayan ang mananaliksik upang maipakita ang naging resulta ng pag-aaral. Nakapokus rin ito sa mga kwentong Jollibee na naglalaman ng pantay na katangian batay sa pamantayan ng mga datos na kailangan para sa pag-aaral.




Ang pag-aaral na ito ay may paksang: "Ang Konseptong AIDA sa mga Kwentong Jollibee 2016-2022 ". Isa sa mga teoryang naging sandigan ng pag-aaral ay ang AIDA model, Kothler Marketing Theory, at Caffey's Theory. Malaki ang naging papel nito upang mapagtagpi-tagpi ang mga datos na nakalap at maisakatuparan ang layunin ng pag-aaral.

Ayon nga sa proponent ng AIDA theory na si E. St. Elmo Lewis, hinahati nito ang paglalakbay ng mga kustomer sa limang mga yugto na maaaring pahusayin ng mga marketer upang mapabuti ang posibilidad na tumugon ang isang kustomer nang may kasiyahan sa isang produkto. Ang pag-unawa sa kung paano ilapat ang teoryang ito ay makakatulong sa istraktura ng gagawing kampanya sa marketing at mapalakas ang pagiging epektibo nito.

Ang pangalawang teorya ay ang Kothler Marketing Theory, pinaniniwalaan ni Philip Kotler (ang proponent ng teoryang ito) na: "Ang gawain sa marketing na organisasyon ay upang matukoy ang mga pangangailangan, kagustuhan at interes ng mga target sa loob ng isang merkado at upang makamit

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

ang ninanais na mga resulta nang mas epektibo at mahusay kaysa sa mga kakumpitensya, sa isang paraan na pinapanatili o pinahuhusay ang kapakanan ng mamimili o lipunan."
Samantalang ang pangatlong teorya naman na Chaffey's theory na ibinahagi ni Chaffey ay sumisimbulo ng pagtatatag ng isang pangmatagalang relasyon sa mga konsumer, ang marketing sa *social media* ay gumaganap ng malaking kontribusyon upang mapataas ang pagganap ng negosyo (Wang et al., 2016). Bilang sandigan, ang mga teoryang inisa-isa ay isang pagpapatunay bilang haligi ng pag-aaral na ito. Kung saan, mas pinatitibay nito ang mga datos na nakakalap na may kaugnayan sa pag-aaral, kung gaano nakatutulong ang estratehiyang nagpapakilala sa isang produkto, kompanya, tatak, at iba pa na maaaring ilathala sa iba't ibang *platform* tulad sa *social media*. Isang pagpapatunay ang mga kwentong Jollibee na matatagpuan sa *youtube account* ng JFC. Bukod pa rito, naipakikita rin ng mga teorya ang ugnayan sa isa't isa lalo't higit ang teoryang AIDA na dinadalumat ang koneksyon nito bilang isang konseptong lumalahok sa sangkap ng mga kwentong Jollibee. Ayon nga sa bawat kahulugang inisa-isa, malaki ang ambag ng *social media* upang mapataas ang pagganap ng isang negosyo sa mga konsumer, sa pamamagitan ng pagtukoy sa kanilang pangangailangan na siyang binanggit sa Kothler theory at pati na rin ang limang (5) hakbangin sa AIDA model kung saan ay nagiging epektibong proseso ito upang mas makilala ang mga produktong initatampok sa merkado.

## RESULTA AT DISKUSYON

**Pagsusuri sa mga Kwentong Jollibee**

Isa sa mg layunin ng pag-aaral ay ang masuri ang paksa, nilalaman at koneksyon ng konseptong AIDA sa mga kwentong Jollibee. Dahil ang pag-aaral ay ginamitan ng metodong *thematic analysis*, ang resulta nito ay ibinatay sa mga datos na naging sandigan ng pag-aaral at inilatag sa pamamagitan ng talahanayang makikita sa ibaba. Nakasaad dito ang paksa ng kwentong jollibee (base sa totoong pangyayari), nilalaman nito, at ang konseptong AIDA. Nabuo ang talahanayan sa pamamagitan ng pagtingin sa pokus ng pag-aaral na; "Ang Konseptong AIDA sa mga Kwentong Jollibee 2016-2022".
Sinimulan ang pagtatala ng datos simula sa pinakahuling taon ng paglalathala ng kwentong Jollibee, hanggang sa pinakasimulang taon ng paglalathala nito. Ito ay binubuo ng tatlumput-siyam (39) na mga kwentong Jollibee.

| PAKSA | NILALAMAN | TATAK JOLLIBEE |
|---|---|---|
| **1. Father's Day Special 2022: Portraits** | Isang buong pamilyang bihirang mabuo dahil sa pagtatrabaho ng isang ama. Dumarating/nakakasama lamang nila ito tuwing may importanteng okasyon ang mga anak. Tulad ng *graduation*, kaarawan, at iba pa. Kaya sa Jollibee ang tagpuan upang I-*celebrate* ang mga okasyong nabanggit. | *"Buong taon tayo ang tinutukan niya. Sa araw na ito, siya naman ang gawing bida". (Portraits, 2022)* |
| **2. Mother's Day Special 2022: Hinga (Breath)** | Tungkol sa isang ina na labis ang pagmamahal sa kanyang anak. Siyang nagsisilbing lakas, pahinga, at kaibigan nito. Simbolo ang paghinga ng malalim upang mapakalma ng isang ina ang kanyang mahal na anak. | *Anumang tako't di mo aatrasan, dahil ang puso ng nanay, laging lumalaban. (Hinga, 2022)* |
| **3. Valentines Series 2022: *ILY*** | Tatlong magkakaibigan sina; Iris, Lara, at Yassie. Kung saan nagsimula ang ILY *way* ng Valentine's Day. Mula sa kanilang mga pangalan nabuo ang kakaibang selebrasyon | *Real love is a love we always feel with ILY. (ILY, 2022)* |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | ng Valentine's na ito. Palagi nilang sini-celebrate ang *valentine's day* ng magkakasama at hindi nawawala ang *cheesy yum burger* ng *Jollibee* na kanilang inireregalo sa isa't isa. Hanggang isang araw ay hindi pwede ang dalawang kaibigan ni Iris. Akala niya ay nag-iisa na lamang siya, pero sa hindi inaasahan, sinurpresa siya ng kanyang pamilya. Ipinaramdam nila na kahit wala ang kanyang mga kaibigan ay nandyan ang kanyan pamilyan na handing sasamahan ang kanilang anak. | |
| 4. **Valentine's Series 2022: Dream Guy** | Tungkol sa isang dalaga na nagnanais maging katulad ng mga konseptong kdrama ang kanyang pag-ibig. Isang *English Teacher* si Kaye na *Fun* ang Kdrama at si Jung na kanyang estudyante na taga-Korea. Umamin ng pag-ibig ang binata sa dalaga at agad itong pinuntahan sa Pilipinas. Sa hindi inaasahan, lumaki rin pala sa Pilipinas ang binata, kaya naman nakaramdam ng pagkadismaya ang dalaga, akala niya ay matutupad na ang kanyang *dream love*. Sa hindi inaasahan nagkasakit ng covid ang dalaga, araw-araw siyang dinadalhan ng pasalubong ng binata mula sa mga produktong Jollibee, tulad ng cheesy yum burger. Kahit sa bintana lamang nila nakikita ang isa't isa naramdaman pa rin ng dalaga ang saya. Nang gumaling na ito, bigla niyang naramdaman na iba pala kapag tunay na pag-ibig ang iyong nadama sa isang tao. Hindi nito mapapantayan ang dating *dream* mo lang, kasi mas higit pa pala ang say ana iyong madarama. | *Real love is loving someone for who they are. (Dream Guy, 2022)* |
| 5. **Valentines Series 2022: 600 Days** | Ang pagsundo ng kasintahang babae sa kanyang nobyo sa *airport* dala-dala ang paboritong Jollibee Chicken Joy. Akala nila malapit na sila sa isa't isa dahil matapos ang 600 days ay nakauwi na si Brian sa kanilang lugar kung saan malapit na sila sa isa't isa ni Nina. Subalit hindi pa rin nawala ang mga hadlang upang ang inaakala nila ay magkatotoo. Akala nila mas madali na nilang makikita ang isa't isa dahil mas malapit na nag kanilang lokasyon kung ihahambing sa nakalipas na karanasan. Maraming pagsubok ang dumating sa kanilang pag-iibigan ngunit hindi sila nagpatibag dito, kundi mas lalo pang nagpatibay. Kaya naman upang hindi | *A love that is real is forever worth fighting for. "Find the real meaning of love". (600 Days, 2022)* |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | masayang ang lahat si Brian ay gumawa ng paraan upang maibalik ang dati nilang pagmamahalan. Ang pagpapadala ng produkto ng Jollibee ang isa sa naging susi nila upang magkasundo muli at ipagpatuloy ang relasyong iningatan ng matagal. | |
| **6. Father's Day: Maestro** | Mga huwarang ama ang itinampok ng kwentong ito. Binigyang kulay ng isang tatay kung gaano kahalaga ang kanyang pamilya at handang gawin ang lahat para sa mga ito. Ang anumang pagsubok ang dumating ay hinding-hindi mauubusan ng paraan. Subalit isang araw sa buhay ng itinuturing na maestrong ama na isang barbero ay nakaramdam din ng pagod at tila naubusan na ng paraan dahil sa *pandemic*. Pinagmasdan siya ng kanyang mga anak, hanggang ang mga ito ay makaisip ng paraan na bigyan ng mensahe ang kanilang ama sa pamamagitan ng sulat na may kasamang Jollibee Chicken Joy sa *barbershop* nito. Iba ang sayang nadama ng ama, kung kaya kinaumagahan ay nakaisip ito ng paraan na kung hindi nakakalabas ang mga tao upang makapagpagupit ay siya na lamang ang pupunta.<br>Sa huling bahagi rin ng kwento ay binigyang pugay rin ang ibang mga tatay na walang sawang gumagawa ng paraan para sa kanilang pamilya. | *Salamat,'Tay. Dahil hindi ka sumuko para sa pamilya. (Maestro, 2021)* |
| **7. Mother's Day Special: Pangako (Promise)** | "Ang pangako ng isang anak sa kaniyang ina". nagpunyagi ang tauhang lalake sa kwento bilang isang anak na nahihirapan sa kaniyang pag-aaral ito'y hindi iniwan at sinawaang gabayan at tulungan ng kaniyang ina. Kaya nang siya ay makapagtapos ay nagbitiw siya ng pangako na hinding-hindi niya pababayaan ang kanyang mahal na ina. Kaya sa panahon na ang kaniyang nanay naman ang nahihirapan sa buhay ay siya naman ang naging lakas nito at kaagapay upang malampasan ang hirap, takot, at pangambang nararanasan nito. | *Ang pagmamahal na kaya nating ibigay, pagmamahal na ating natutuhan kay Nanay. (Promise, 2021)* |
| **8. Jollibee Valentine Series 2021: Hero** | "Strong Woman" ang pinaniniwalaan na karakter ng dalaga sa kwento, dahil sa pagpapalaki ng kanyang ama. Sinubok ang katapangang ito nang dumating ang pandemya at nang magpositibo ang kanyang ama. Sa hirap na kanyang nararanasan at kalungkutan nasa kanyang tabi ang kanyang | *When life needs you to be strong, true love makes you stronger. (Hero, 2021)* |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | kasintahan upang punan ng saya ang lungkot na kanyang nadarama, kasama ang Chicken Joy sa nagbigay ng kulay muli sa kanyang pagngiti, kahit na mayroong distansya dulot ng pandemya. Nakayanan niya ang lahat ng pagsubok na dumating sa kanyang buhay sa tulong ng lalaking hindi siya iniwan, ang kanyang kasintahan. | |
| **9. Valentine Series 2021: First Date** | "Sino ang mag-aakalang makatatagpo ako ng pag-ibig gayong malayo sa lahat at palaging mag-isa". tungkol sa isang dalaga na sanay mag-isa sa buhay. Natuto sa mga gawain mag-isa, sa pamamagitan ng sariling diskarte. Pinapasaya ang sarili, inaalagaan, binibigyang pagpapahalaga ang saril, at minamahal ang sarili. Pang-*treat* niya sa kanyang sarili ay ang mga pagkaing matatagpuan sa Jollibee tulad ng Fries, Burger, at Chicken Joy. Aakalin sa unang tinggin sa panimula nang kuwento ay makatatagpo ng isang taong magmamahal sa kanya dahil "first date" pero hindi pala. Dahil ang *twist* ng kwentong ito ay ang pagkakaroon ng reyalisasyon sa sarili/pagmamahal sa sarili. | *The more you love and believe in yourself, the better you can love and care for others. (First Date, 2021)* |
| **10. Valentine Series 2021: LDR** | Tungkol sa isang dalagang nangako sa kanyang sarili na kailanman ay hindi magkakaroon ng LDR *relationship*, subalit dumating ang pandemya at sa hindi inaasahan ang kanilang relasyon ng kaniyang kasintahan ay nagkaroon ng distansya. Kung kaya naranasan niya ang *Lock Down Relationship* (LDR). Akala niya ay hindi malalampasan ang pagsubok na kanilang pinagdaraanan dahil sa hindi magawang magkita ng harapan. Subalit pinagtibay ang kanilang relasyon ng pagsubok na pinagdaanan. Nagdate sila sa pamamagitan ng *social media* ang *video call* habang kumakain ng Jollibee *product* sa kani-kanilang tahanan. | *Distance means nothing when someone means everything. (LDR, 2021)* |
| **11. Father's Day Tribute 2020: Salamat po Tay!** | Isang batang lalaking binalikan ang gunita ng kanyang ama at isinalaysay ang pagiging *super hero* nito. Sa pagdating ng pandemya naisip ng bata ang maaaring panganib na maidudulot nito sa lahat, siya ay nakaramdam ng takot at pag-aalala para sa kanyang ama. Ngunit sa pagsuong nito sa trabaho araw-araw sa loob ng *hospital* bilang isang tagalinis dito hindi siya sumuko para sa kanyang | *Ang tunay na lakas ng ama ay ang kanilang lakas ng loob para sa pamilya. (Salamat po Tay!, 2020)* |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | pamilya. Kaya ang batang nagmamasid lamang ay mas lalong tumindi ang respeto sa kaniyang ama at ang pagpapahalaga sa lahat ng ginagawa nito para sa kanilang pamilya. Kaya sa simpleng regalo nang bata sa kanyang ama, naging masaya ito dahil ang paborito niyang *Jollibee Chicken Joy*, at iba pang produkto ng *fastfood (Jollibee)* ang ibinigay ng kanyang anak. | |
| 12. **Mother's Dar Tribute 2020: Pasasalamat** | Tungkol sa pagsasakripisyo nang lahat ng ina. Inilarawan ang katapangan, pagmamahal, pag-aalaga, pagiging malakas at matapang para sa kanilang mga mahal na anak. Iyon ay ilan lamang sa ipinakita ng kuwento. Kung kaya sa pamamagitan ng pasalaysay na *tribute* na ito sa taong 2020 ipinaabot ng Jollibee ang kanilang pasasalamat, pagpuri at pagbati ng "Happy Mothers Day" sa mga dakilang ina sa buong mundo. | *Maraming mabubuting tao dahil maraming mabubuting ina. (Pasasalamat, 2020)* |
| 13. **Valentine Series 2020: Apart** | Tungkol sa dalawang magkasintahan na naghiwalay dahil sa hindi pagkakaunawaan. Magkaiba ang kanilang katangian at syang naging dahilan ng pagkakalabuan. Hanggang sa isang araw, nagtagpu muli ang kanilang mga landas sa loob ng Jollibee. Muling nag-usap at nagkakumustahan. At humantong na nga sa pagbabalikan. Dahil sa kanilang naranasan, ang bawat isa ay nagkaroon ng reyalisasyon sa isa't isa. Upang mas lalo pang tumagal at mas tumibay ang kanilang pagmamahalan sa panibagong pagkakataong naibigay sa kanila. | *True love is not just about me but always about us. (Apart, 2020)* |
| 14. **Valentine Series 2020: Space** | Isang lalaking nahanap ang true love sa Jollibee. Sa panahong siya ay nasaktan sa kanyang unang pag-ibig, ang kaniyang mga kaibigan at ang Jollibee ang kanyang naging takbuhan. Hanggang sa nakita niya ang dati niyang kamag-aral na si Mitch. Ang tumanggap sa kaniya ng buong-buo. May pagsisisi na naramdaman ang una niyang naging *girlfriend*, subalit para kay Dan, si Mitch na ang *the one* para sa kaniya. Dahil siya ang babaing hindi ka ikakahiya, at magiging masaya kahit hindi ka *perfect*. | *True love is not looking for someone better. It is seeing the best in The One. (Space, 2020)* |
| 15. **Valentine Series 2020: #CoupleGoals** | Si Liza at si Matt, sa Jollibee ang kanilang tagpuan, pinagtatama nila ang mga oras at panahon na komplikado ang kanilang mga iskedyul upang magkaroon parin ng oras sa isa't isa. Sa paulit - ulit na nangyayari sa kanila | *True love is not about making it perfect. It is about making it work together. (#CoupleGoals, 2020)* |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | unti-unti rin nilang nararamdaman na sila ay napapagod na. Hanggang sa dumating ang oras na hindi nalang oras ang sa kanila'y hindi nagkakasundo, pati na rin sa kanilang mga nararamdaman. Kaya itong si Matt ay gumawa ng paraan upang ang kanilang relasyon ay manatiling matatag at masaya. | |
| 16. **Grandparents Day 2019** | Isang lolang sobra ang pagtitipid. Inuuna ang mga bagay na importante bago ang ibang bagay. Madalas silang kumain ng kanyang apo sa Jollibee. Ang mga baryang sinusukli sa kaniya ay kanyang iniipon. Hanggang sa napaisip ang kanyang apo kung bakit kaya sobra ang pagtitipid ng kanyang lola. Kahit 25cent ay hindi niya pinalalampas na hindi makuha sa tuwing kulang ang sukli sa kaniya. Nang dumating ang araw ng kaarawan ng kaniyang apo, ay may dala itong regalo. At ito nga ang kaniyang ibinili sa bawat baryang kaniyang masinop na iniipon. Naibili niya ng magandang laruan ang kaniyang apo. Subalit hindi alam ni lola na may inihanda rin ang kanyang apo sa kanya. Ibinili ng apo ang kanyang lola ng isang pares na tsinelas na minsan nitong tiningnan kasama ang kanyang apo, ngunit hindi niya ito binili dahil siya ay nagtitipid. Kaya ito ang naisipang bilhin ng kanyang apo bilang regalo at pasasalamat sa kaniyang mahal na lola. | *Salamat sa pagmamahal na ni minsan ay hindi n'yo tinipid. (Grandparents, 2019)* |
| 17. **Father's Day Special: First Love** | "Unang lalaking nagmahal saakin". *dahil brave ang little girl ko, ito yum burger pampasaya*.<br><br>Isinalaysay ng batang babae ang kanyang pagmamahal sa kaniyang ama sa araw ng kaniyang kasal, simula nang siya ay bata pa. Ang pagpaparamdam ng isang ama ng tunay na pagmamahal sa anak na babae, ay hindi malilimutan kahit na ito ay mag-asawa pa. Ang tatay ang unang nagturo sa batang babae ng tunay na pagmamahal. | *For the man who taught us what true love is. (First Love, 2019)* |
| 18. **Mother's Day 2019: Schoolboy** | Tungkol sa isang nanay at anak ang kwento nito. Nanay na pumapayo sa anak, nagpapalakas ng loob, at nagtuturo nang Magandang-asal. Siya rin ang unang nakararamdam ng kasiyahan tuwing nakikita niyang nakangiti ang kanyang anak at ang una ring nasasaktan kapag nasasaktan ang kaniyang anak. Sa pagkakaroon ng ibang itsura ng kanyang anak ay hindi niya hinayaan | *Dahil sa 'yong ppagmamahal, natutunan naming mahalin ang aming sarili. (Schoolboy, 2019)* |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes were made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | na ito ay hindi makapag-aral kahit na itoy tinutukso sa paaralan. Dahil sa kaniyang gabay ay hindi sumuko ang kaniyang anak. Kaya naman nang ito ay lumaki, hindi pa rin nito nakalimot ang mga aral/payo na itinuro sakanyan ng kanyang ina. Ang Jollibee naman ang kanilang naging puntahan sa tuwing kino-*comfort* sa pagkabalisa ang kaniyang anak. | |
| **19. Valentines Series 2019: Proposal** | Si Bea, Hans, at Lianne. Sila ang mga pangunahing tauhan sa kwento. Nagpropose ng kasal si Hans kay Bea sa loob ng Jollibee *store*, dito rin nabigo si Hans ng hindi oo ang sagot ni Bea. Sobra syang nasaktan hanggang pati ang kaniyang trabaho ay naapektuhan. Nakikita nina Lianne ang lungkot at pagbabago sa gawi ni Hans, kaya siya ang nagsimulang gumawa ng paraan upang ibalik ang sigla ng kanyang katrabaho. Hanggang sa hindi namamalayan ay nahuhulog na ang loob sa isa't isa. Nagsimula sa yum burger at katagang; "tara *break* muna tayo, ito oh' burger pampasaya". Hanggang sa nauwi sa tunay na pagmamahalan. Muling nagpropose si Hans sa isang babaeng hindi na niya ginawang mundo o kwentong isang *fairytale*, kundi isang babaeng gusto niyang maging parte habang buhay, ito ay si Lianne. | *Minsan ang puso, kailangan munang mabigo para muling mabuo. "Have faith in love". (Proposal, 2019)* |
| **20. Christmas Special: Best Friend** | Si Nikka at si Abby ay naging magkaibigan sa loob ng bahay ampunan. Hindi nagtagal ay may umampon na kay Nikka kung kaya sila ay nagkahiwalay. Si Nikka ay mayroong manika na Jollibee, simula pa nang siya ay makarating sa bahay ampunan ay kaniya na itong dala-dala. Nalungkot siya sa kaniyang pag-aalis kung kaya iniwan niya ang kaniyang manikang Jollibee kay Abby upang ito ay hindi masyadong malungkot. Paglipas nang maraming taon, si Abby ay naging Doctor, at nagkaroon siya ng isang pasyente na bata, ang manikang Jollibee ang kaniyang ginamit sa pagbati ng: "Merry Christmas" sa bata upang ito ay hindi na maging malungkot. | *Ang pinakamahalagang regalo ngayong Pasko ay ang galing sa Puso. (Best Friend, 2018)* |
| **21. Christmas Special: Regalo** | Paborito nang batang babae ang Christmas dahil dumarating ang kaniyang ama na may dalang regalo. Kaya tuwing pasko siya ay masaya, nalulungkot lamang siya sa tuwing umaalis muli ang kanyang ama kapag tapos na ang pasko. Isang araw dumating muli ang | *'Di kayang tumbasan ng anumang regalo ang saya na hatid ng pamilya ngayong Pasko. (Regalo, 2016)* |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | pasko at dumating ang kaniyang ama na maraming dala-dala. Bago sila nag-usap ay nagtungo muna sila sa Jollibee upang kumain. Dito kinausap ng ama ang kaniyang anak na wala siyang regalo ngayon dahil ito ay nagkaproblema sa trabaho at ibinalita nito na hindi na sya aalis. Laking gulat ng tatay dahil hindi nalungkot ang bata dahil sa wala siyang regalo. Kundi naging masaya pa ito dahil sabi ng bata; mas masaya siya kapag laging kasama ang ama, at ang makasama siya ay ang *best gift ever* sa araw ng pasko. | |
| 22. **Kwentong Jollibee: Biyahe (Journey)** | Isang lolo na namamasada ng jeep. Kasama niya ang kaniyang apo sa bawat byahe nito. Kahit ito ay matanda na bakas pa rin sa kaniya ang saya sa kaniyang ginagawa at pagpoporsige para sa kaniyang pamilya. Kaya naman bakas rin ng kaniyang apo kung gaano sila kamahal ng kaniyang lolo. Nagagawa pa nitong magpatawa at maghatid ng surpresa tulad ng pagdadala ng Jollibee sa kanilang pag-uwi para sa kaniyang anak na may sakit. | *Isa lang si Lolo Gusting sa mga libu-libong lolo't lola na nagtatrabaho pa para sa mga minamahal nila. (Biyahe, 2018)* |
| 23. **Kwentong Jollibee: Apo (Grandchild)** | Kwento ng isang apo na lumaki sa kaniyang lolo at lola. Sila ang tumayong mga magulang nito at ang naging dahilan kung bakit siya lumaki ng maayos. Kaya naman sa araw na siya ay aalis upang mag-aral sa Manila ay labis ang lungkot ng kaniyang lola at lolo. Hanggang sa siya ay makapagtapos at makapagtrabaho, nagkaroon siya ng pagkakataon na makauwi at muli silang nagtagpu sa Jollibee upang kainin ang kanilang mga parobito. Ang Chicken Joy na may Palabok. | *Salamat po sa walang pagod ninyong pag-aalaga at pagmamahal. (Apo, 2017)* |
| 24. **Kwentong Jollibee: Parangal (Vietnamese)** | Tungkol sa isang anak na nagpunyaging makapagtapos dahil sa ayaw niyang masayang ang sakripisyo ng kaniyang ina. Ina na handang gawin ang lahat para sa kaniyang anak, lalo na nang ito ay mabyuda. Kaya naman sa araw ng pagtatapos ng kaniyang anak isinama nito sa kaniyang pananalita kung gaaano sya nagpapasalamat sa kaniyang nanay, masigabong palakpakan ang inialay ng bawat nakikinig sa anak ng batang bata; "proud ako sa mama ko". Bilang selebrasyon, ang mag nanay ay nagtungo sa Jollibee. | *Para sa mga Nanay na handang gawin ang lahat para sa anak. "Happy Mother's Day". (Parangal, 2017)* |
| 25. **Mother's Day Trilogy: Tess** | Isang nanay na sobrang nagmamahal. Hindi man kadugo ni Nanay Tess ang kaniyang | *Dahil ang pagiging ina, hindi lang nasa dugo,* |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | alagang si Trisha ay itinuring niya itong parang sariling anak simula nang namatay ang tunay nitong ina. Dahil abala sa trabaho ang ama ni Trisha, si Nanay Tess ang lahat na gumagawa ng isang gawaing ina sa kaniyang anak. Sa eskwela, sa tahanan, at pati na rin sa pag-aalaga tuwing ito ay may sakit. Kasama rin nila sa kanilang *bonding* ang Jollibee, ang paborito ni Trisha. | *kundi nasa puso. (Tess, 2018)* |
| 26. **Mother's Day Trilogy: Amor** | Amor, ang pangalan ng isang ina na handang gawin lahat ng raket na maaarig pagkakitaan para sa kaniyang tatlong anak. Ang maibigay nito ang pangangailangan ng kaniyang mga anak ay siyang kasiyahan. Hindi alintana ang pagod at hirap na pagkasyahin ang kaniyang oras sa iba't ibang trabaho. Kaya naman bilang pagbawi at pagpaparamdam ng pagmamahal, kumain sa Jollibe ang mag-anak ng masaya. | *Dahil ang pagmamahal ng isang ina, walang 'di kayang gawin para sa anak. (Amor, 2018)* |
| 27. **Kwentong Jollibee: Pamasko** | Ang buhay ng isang OFW na nangungulila sa kaniyang pamilya lalo na sa isang anak. Walang regalo ang hiling ng kanilang anak kundi ang kaniyang mga magulang na makapiling ito sa araw ng pasko. Dahil ang kaniyang ina at ama ay parehong nagtatrabaho sa ibang bansa. At kung paano alalahanin ng mga magulang ang kanilang anak/mga anak na naiwan upang hindi ito mag-alala. Sa pagbabalik ng kaniyang ina at ama, sila'y masayang kumain sa Jollibee. | *Maligayang Pasko mula sa Jollibee. (Pamasko, 2017)* |
| 28. **Valentine's Series 2018: Status** | Si Kat, isang dalagang madalas na nasasaktan sa pag-ibig. Para sa kaniya, wala man siyang *love life* ay hindi naman nawala ang *love* sa buhay niya. Dahil ang tunay na *true love* niya ay ang kaniyang pamilya. Ika nga sabi ni Kat: bakit hahanapin niya pa ang *love* sa maling lugar at maling tao kung ito ay nasa kaniya na. Ang kaniyang pamilya. Isang *bonding* nila nang punong-puno ng kasiyahan ay ang kumain sa Jollibee. | *Kahit walang love life, may love ka sa life. Family love is true love. (Status, 2018)* |
| 29. **Valentine's Day Series 2018: Homecoming** | Ang binata sa kwento na paligaw-ligaw tingin sa dalagang kaniyang napupusuan, subalit ang dalagang ito ay iba ang gusto. Simple ang pagpaparamdam ng binata sa kaniyang naradama sa dalaga, simula sa isang yum burger na may sulat at nakadikit upang ibigay sa dalaga. Hanggang isang araw na ang mismong dalaga na ang muling nagbigay ng yum burger na may sulat sa binatang | *Di napapagod ang pusong nagmamahal. (Homecomig, 2018)* |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | nagparamdam sa kaniya ng tunay na pagmamahal. Hangang sila ay bumalik sa kanilang dating paaralan kung saan nagsimula ang kanilang kwento. | |
| **30. Kwentong Jollibee: Powers** | Ang paglalarawan ng isang bata sa kaniyang tatay na ang trabaho raw ay isang *super hero*. Dahil sa lakas nito, bilis dumating kapag kailangan siya, at kakayanang magbasa ng isip bago pa magsalita ang isang tao. At dahil sa *powers* na pinaniniwalaan ng bata na taglay ng kanyang ama ito raw ay maraming napapasaya, kaya naman ang bata sa kanilang klase ay ibinahagi ang kaniyang nais sa kanyang paglaki na maging isang katulad ng kaniyang ama. Jollibee ang isa sa mga pasalubong ng kaniyang tatay na isa rin sa nagpapasaya sa kaniyang anak. | *Super Poud po ako sa inyo, Tatay.Para sa tunay na Superhero ng ating buhay, "happy Father's Day po. (Powers, 2017)* |
| **31. Valentine's Series 2017: Vow** | Sa Jollibee nagsimula ang kanilang kwento, na inakala ng binatang lalaki na siya na ang babaeng itinakda sa kaniyang buhay. At siyang makakasama habang buhay. Ngunit sa huli ay hindi sila ang nagkatuluyan na maglalakad sa harap ng altar. Ngunit ganoon pa man, ninais pa rin ng binata na maging masaya ang dalaga kahit na hindi siya ang lalaking makakasama nito habang buhay. | *Para sa mga patuloy na nagmamahal nang walag hinihintay na kapalit. "Celebrate the joy of love". (Vow, 2017)* |
| **32. Valentine's Series 2017: Date** | Ang pagmamamahal ng asawa sa kaniyang asawa at anak. Kahit hindi na sila magkasama ay iniisip parin ang ikaliligaya ng kanyang asawang babae. Namatay sa sakit ang asawang lalake kung kaya ibinilin nito bago mawala sa kanyang anak na si Joey na i-date ang kaniyang ina sa Jollibee sa araw ng Valentine's na may dalang bulaklak para rito, lobo, at paboritong spaghetti at Chicken Joy. At sa bawat Valentine's day ang bata at ang kaniyang ina ang magkasama, ito ang hiling nang ama ni Joey sa kanya upang pasayahin ang kaniyang ina kahit wala na ang kaniyang ama. | *Para sa pagmamahalang walang katapusan. (Date, 2017)* |
| **33. Kwentong Jollibee: Kahera** | Ang kahera sa Jollibee na madalas na mapuna ng isang lola. Mula sa order nito na paulit-ulit, *nametag* na tabingi, ngiti na kailangang abot hanggang mata at pagbigkas ng salita. Ang lolang ito pala ay ang kanyang mismong lola. Simpleng bumibisita ang lola sa Jollibee kung saan nagtatrabaho ang kanyang apo na kahera. Sa ganitong paraan | *Para sa walang pagod ninyong pagsuporta, salamat po. (Kahera, 2016)* |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | ipinapakita ng lola ang kanyang suporta sa kaniyang apo. | |
| **34. Kwentong Jollibee: Entrance Exam** | Si Enzo at ang kaniyang ama. Sa unang tingin ay tila *pressure* si Enzo sa kaniyang ama dahil sa palagi nitong pagsusubaybay sa kaniyang pag-aaral. Ang kanilang pagrereview na minsang napag-uusapan sa Jollibee habang sila ay kumakain. Hindi masyadong ipinararamdam ng kaniyag ama kung gaano sya ka proud sa bawat *achievement* ni Enzo. Hanggang isang araw, dumating ang resulta ng *entrance exam* ni Enzo sa isang Unibersidad at ito ay hindi nakapasa. Umiiyak ang binata sa pag-aakalang nabigo niya ang kaniyang ama. Ngunit sabi ng kaniyang tatay na; Enzo anak, naging mabuti kang anak yan ang mas mahalaga. Dahil walang araw na hindi ako naging *proud* sayo. | *Salamat Dad. Sa mahigpit mong pagmamahal, at maluwag na pagtanggap sa aking kahinaan. (Entrance Exam, 2016)* |
| **35. Kwentong Jollibee: Mama's Girl** | Isang anak na laging umiiyak kapag hindi laging kasama ang kaniyang ina. Ang pampatahan sa pag-iyak ng bata ay ang pagkain sa Jollibee. Subalit pagdalaga ng bata nabaliktad ang pangyayari. Ang kanyang ina na ang laging nakadikit sa kaniya at sumasama saan man magpunta. Kaya sa pagbabalik ng kanyang ina ay labis-labis ang kanyang saya. | *Salamat sa sarap ng pagmamahal mo na walang katumbas. "Happy Mother's Day, Ma". (Mama's Girl, 2016)* |
| **36. Kwentong Jollibee: Almusal (Breakfast)** | Ipinapakita ng kwento ang *routine* ng mag-asawang lolo at lola na araw-araw nag-aalmusal sa Jollibee, pareho ng inoorder at naghahati sa burger. Hanggang isang araw na ito ay namatay at ang anak na lamang nito ang kasa-kasamang mag-almusal ng kaniyang ama sa Jollibee, sa parehong upuan at lugar. | *Isa lang ito sa maraming kwento nating mga Pilipino na pinasarap ng Jollibee. (Breakfast, 2016)* |
| **37. Kwentong Jollibee: Tagpuan (Meeting Place)** | Si Jason, isang bata na bumitaw sa kamay ng kanyang ina habang sila ay namimili. Minsang napag-usapan ng magnanay ang kanilang magiging tagpuan kung dumating ang senaryong sila ay magkakahiwalay. Ito ay ang Jollibee. Kung kaya naalala ng bata ang bilin na ito ng kaniyang ina, kaya dali-dali siyang tumakbo papunta rito pati na rin ang kaniyang ina. At dito na nga muling nagtagpo ang mag-inang saglit na nagkahiwalay. | *Isa lang ito sa maraming kwento nating mga Pilipino na pinasarap ng Jollibee. (Tagpuan, 2016)* |
| **38. Kwentong Jollibee: Jabee** | Isang batang bukambibig ay "Jabee Jabee" na kalaunay nalaman ng kaniyang ina na ang tinutukoy pala nito ay Jollibee. | *Isa lang ito sa maraming kwento nating mga Pilipino na pinasarap ng Jollibee. (Jabee, 2016)* |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| **39. Kwentong Jollibee (Jollibee Stories)** | Tungkol sa isang manager sa Jollibee sa loob ng 20 years. Kung saan isa siya sa mga nakasaksi sa mga kwentong nabuo sa loob ng Jollibee. Kung kaya para sa kaniya isa rin ito sa dahilan kung bakit mahal niya ang Jollibee. | *Mga kwentong Pilipino na pinasarap ng Jollibee. (Jollibee Stories, 2016)* |
| **KONSEPTONG AIDA** | *Attention*- sa pamamagitan ng mga kwentong Jollibee isa sa mga nakaimbabaw na konseptong AIDA ay ang pagkakaroon ng *awareness* ng mga inaasahang kostumer dahil sa makamasa nitong tema. Damdaming nangingibabaw sa bawat kwento, at ang pagiging makatutuhanan sa nagaganap sa buhay. Ayon nga sa isang pag-aaral, sa pagpapasya na bumili, ang mga tao ay naiimpluwensyahan ng mga salik na may kaugnayan sa mamimili pagiging makabago (hal., pagkakataong malaman ang higit pa impormasyon tungkol sa produkto), pinaghihinalaang benepisyo (hal., kung paano sila makikinabang sa produkto) (Hsu & Bayarsaikhan, 2012). Isang sandigan ng anito ang mga kwentong Jollibee na hango sa totoong buhay, kahit hindi mga kilalang tao ang nagsiispagganap ay magkakaroon ng aral at reyalisasyon ang mga manood kasama na ang panghikayat na maaring magdulot ng kakiabang saya ang anumang produkto ng Jollibee.<br><br>*Interest*- ang dating prospek pa lamang na mga mamimiling tatangkilik ay nagkakaroon na ng interes dahil sa mga kwentong Jollibee,isang paraan na nagbibigay ng tiwala sa kanila upang bumili (Fianto et. al, 2014). Dahil sa dulot nitong epekto sa mga nakakpanood ng bawat kwento na batay sa totoong pangyayari.<br><br>*Desire*- *"Brand image"* din ng isang produkto ang nagbibigay ng kumpiyansa sa mamimili sa pagpapasya na bumili (Fianto et. al, 2014; Malik et al., 2013). dahil sa pagiging kilala ng Jollibee sa merkado, hindi maikakaila na wala itong pinipili at kahit sino ang tumangkilik dito. Dahil sa pagiging makamasa nito at makaPilipinong paghahatid ng saya.<br><br>*Action*- Tinutupad ng mga tao ang kanilang mga pangangailangan at kagustuhan sa pamamagitan ng<br>pagbili - isang pag-uugali na tinutukoy bilang pag-uugali ng mamimili. Sa *digital age* na ito, ang pagbili ay maaaring gawin sa pamamagitan ng internet (Garrett & Parrott, 2005) na siyang nakaaapekto rin sa mga mamimili lalo't higit kung ito ay nagdudulot ng ibang kasiyahan sa konsumer. Ito nga ay iisa-isa sa paglalatag ng pahapyaw na nilalaman ng bawat kwento. Sa mga sitwasyon tulad ng pagsasama-sama ng isang pamilya sa loob ng Jollibee store, ibang saya ang naihahatid nito sa bawat isa. | |

Sa bawat kwentong Jollibee mayroong iba't ibang saya ang naipadarama sa mga tumatangkilik ng produkto nito. Mapa-bata, matanda, dalaga, binata, iba't ibang propesyon, ordenaryong mamayan, mahirap, at kahit ano pa ang istado sa buhay ay pwedeng makatikim ng saya sa mga produktong mayroon ang Jollibee. Ito ay batay sa tatlumput-siyam (39) na mga kwentong ibinahagi saatin ng nasabing kompanya. Kaya sa pagdadalamut ng mananaliksik sa bawat kwentong inisa-isa, mababakas ang mga konseptong AIDA rito, mas lalo pang naipakikila at naipapakita ang naiiwang epekto sa mga

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes were made were indicated.

manonood na silang nakatutunghay ng mga ito sa telebisyon, *cellphone*, kompyuter at iba pa. Tulad ng pagpapakita ng katangian ng isang pagkain dito na Jollibee *Chicken Joy* - kung saan ito ang nagsisilbing gamot sa malungkot na puso. *Cheesy burger* - ginagawang pangregalo upang maghatid ng ngiti sa mga labi. Bawat produkto ng Jollibee ay nagbibigkis sa mga puso ng Pilipino, dahil sa kakaibang karisma nitong hatid sa madla. Tulad na lamang ng mga kwentong naipasok ang sitwasyon ng pandemya (2020-2021), ang mga pangayari rito na base sa totoong pangyayari. Ito rin ang mga taon kung kailan halos wala nang tao ang lumalabas dahil sa *lockdown* na naging bunga ng pandemya sa buong mundo lalo na sa ating bansa. Ramdam ang lungkot at pangamba kahit sa mga kwentong Jollibee. Tulad rin ng nangyayari sa pang-araw -araw na pamumuhay ay ipinapakita rin dito ang mga produktong Jollibee bilang meryenda, agahan, tanghalian, at kung minsan ay sa mga okasyon. Sa kahit ano pang panahon. Ito rin ay hindi lamang nakapokus sa iisang karakter, kundi pati na rin sa kahalagahan ng bawat indibidwal. Ang pagbibigkis ng may pagmamahal ang isa sa mga tema ng mga kwento, na nagiging daan, tulay, at pinto ang Jollibee para sa mga tao upang maging masaya at maibsan ang kalungkutang nadarama. Ipinapakita rin sa bawat kwentong Jollibee ang reyalidad na nagaganap sa ating buhay. Ang hindi pagiging perpekto nito ngunit naghahatid ng aral at saya sa mga tao. Hindi lamang ang mga pagkaing nagdudulot ng saya sa mga konsumer kundi kung ano ang nagagawa nito sa pagbabago patungo sa mabuti at maganda. At kalakip din ng bawat kwentong Jollibee ang damdamin nito, na nararamdaman ng manonood.

## KONKLUSYON

Ang naging konklusyon sa ginawang pag-aaral ay ang mga sumusunod:
1. Ang paksang madalas pagtuunan ng pansin sa mga kwentong Jollibee ay ang mga espisyal na okasyon tulad ng Mother's Day, Father's Day, Valentines Day, Grandparents Day at ang Christmas Day.
2. Nakapaloob ang konseptong AIDA sa bawat kwentong Jollibee na siyang nakapagbibigay kulay sa mga konsumer upang mas makuha ang interes nito, maipabatid ang ligayang hatid ng produkto, at inspirasyong maidudulot sa bawat makatutunghay nito.
3. Sa bawat kwentong Jollibee mababakas ang makatutuhanang nagaganap sa reyalidad ng buhay ng bawat pamilyang Pilipino. Ang makamasang tema nito, at damdaming naipadarama sa bawat kwento.

## MGA SANGGUNIAN


Amazon.com: My Adventures in Marketing: The Autobiography of Philip Kotler eBook: Kotler, Philip: Kindle Store. (n.d.). https://www.amazon.com/My-Adventures-Marketing-Autobiography-Philip-ebook/dp/B0743H6NX5

Ang epekto ng pag gamit ng advertisement - term paper. (n.d.). https://www.termpaperwarehouse.com/essay-on/Ang-Epekto-Ng-Pag-Gamit-Ng-Advertisement/137114

Batara, J. B. L., Mariblanca, J. P., Kinaadman, K. M., & Go, J. A. (2018). The effect of consumer innovativeness, perceived benefits, perceived risk, and brand image in the decision to buy online. *Recoletos Multidisciplinary Research Journal*, *6*(1), 55–63. https://doi.org/10.32871/rmrj1806.01.05

CEDadiantiTyClea. (2022, March 27). DTI renews partnership with ad council vs false advertisements. BusinessWorld Online. https://www.bworldonline.com/the-nation/2022/03/27/438451/dti-



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

renews-partnership-with-ad-council-vs-false-advertisements/#:~:text=In%20a%20recent%20statement%2C%20the,Code%20of%20Standards%20and%20Ethics.

Contributors to Wikimedia projects. (2023, June 28). Jollibee. Wikipedia, Ang Malayang Ensiklopedya. https://tl.wikipedia.org/wiki/Jollibee#:~:text=3%20Mga%20larawan-,Kasaysayan,kauna%2Dunahang%20outlet%20ng%20Jollibee.

Jollibee Studios. (2016a, February 19). Kwentong Jollibee: Almusal (Breakfast) [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=KQqUhNeAPVs

Jollibee Studios. (2016b, February 19). Kwentong Jollibee: Jabee [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=PCTsbm9sb_Q

Jollibee Studios. (2016c, February 19). Kwentong Jollibee (Jollibee Stories) [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=RHK1Zm0Lz9E

Jollibee Studios. (2016d, February 19). Kwentong Jollibee: Tagpuan (Meeting Place) [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=ktFuvEjagGI

Jollibee Studios. (2016e, May 6). Kwentong Jollibee: Mama's Girl [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=93llmRagcQs

Jollibee Studios. (2016f, June 18). Kwentong Jollibee: Entrance exam [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=RcMi80qKiNY

Jollibee Studios. (2016g, September 6). Kwentong Jollibee: Kahera [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=Uw66Da0GFPM

Jollibee Studios. (2016h, December 9). Kwentong Jollibee Christmas Special: Regalo [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=IjXFV0ygp-A

Jollibee Studios. (2017a, February 9). Kwentong Jollibee Valentine's Series 2017: Vow [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=7kAOvTFA5rs

Jollibee Studios. (2017b, February 10). Kwentong Jollibee Valentine's Series 2017: Date [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=fDHZkLeh6vw

Jollibee Studios. (2017c, May 13). Kwentong Jollibee: Parangal [Vietnamese] [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=flB8PtTozug

Jollibee Studios. (2017d, June 10). Kwentong Jollibee: Powers [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=rK7-3zCK15Y

Jollibee Studios. (2017e, September 3). Kwentong Jollibee: APO (Grandchild) [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=SIVSq6RTSnA

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Jollibee Studios. (2017f, December 15). Kwentong Jollibee: Pamasko [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=j-MMiPZoxZc

Jollibee Studios. (2018a, February 1). Kwentong Jollibee Valentine's Series 2018: Homecoming [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=TvT_rXGZPbM

Jollibee Studios. (2018b, February 2). Kwentong Jollibee Valentine's Series 2018: Status [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=Ed8lM5l0Nbs

Jollibee Studios. (2018c, May 2). Kwentong Jollibee Mother's Day Trilogy: Amor [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=8KtPv9AoVVs

Jollibee Studios. (2018d, May 5). Kwentong Jollibee Mother's Day Trilogy: TesS [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=L21dVNbRXbs

Jollibee Studios. (2018e, September 5). Kwentong Jollibee: Biyahe (Journey) [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=q05aEY02l4M

Jollibee Studios. (2018f, December 9). Kwentong Jollibee Christmas Special: Best Friend [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=fOwtY10rP28

Jollibee Studios. (2019a, February 4). Kwentong Jollibee Valentine Series 2019: Proposal [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=7Xs1ZI538ao

Jollibee Studios. (2019b, May 3). Kwentong Jollibee Mother's Day 2019: Schoolboy [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=UNDpEUCBYkk

Jollibee Studios. (2019c, June 8). Kwentong Jollibee Father's Day Special: First Love [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=-NihAJHN314

Jollibee Studios. (2019d, September 3). Kwentong Jollibee Grandparents Day 2019 [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=J8AoJjoBlx8

Jollibee Studios. (2020a, February 1). Kwentong Jollibee Valentine Series 2020: #CoupleGoals [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=lUxfken4l5U

Jollibee Studios. (2020b, February 3). Kwentong Jollibee Valentine Series 2020: Space [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=GuMGUSUzkHE

Jollibee Studios. (2020c, February 7). Kwentong Jollibee Valentine Series 2020: Apart [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=hyHsDLdMZRQ

Jollibee Studios. (2020d, May 9). Mother's Day Tribute 2020: Pasasalamat [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=3ejZ3qQWylo

Jollibee Studios. (2020e, June 20). Father's Day Tribute 2020: Salamat po Tay! [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=ZIc6IZTWe28

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Jollibee Studios. (2021a, February 4). Kwentong Jollibee Valentine Series 2021: LDR [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=AaYzV5tokG4

Jollibee Studios. (2021b, February 8). Kwentong Jollibee Valentine Series 2021: First Date [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=w9sXtUA_AXU

Jollibee Studios. (2021c, February 12). Kwentong Jollibee Valentine Series 2021: Hero [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=FQGq1wen9Z0

Jollibee Studios. (2021d, February 12). Kwentong Jollibee Valentine Series 2021: Hero [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=FQGq1wen9Z0

Jollibee Studios. (2021e, May 5). Kwentong Jollibee Mother's Day Special: Pangako (Promise) [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=-GW83fOx3dY

Jollibee Studios. (2021f, June 16). Kwentong Jollibee Father's Day: Maestro [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=DUNVWbGVL84

Jollibee Studios. (2022a, February 9). Kwentong Jollibee Valentine Series 2022: 600 DAYS [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=lSBIk1KIxwc

Jollibee Studios. (2022b, February 13). Kwentong Jollibee Valentine Series 2022: Dream Guy [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=kbPkrQLotWg

Jollibee Studios. (2022c, February 18). Kwentong Jollibee Valentine Series 2022: ILY [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=hTgRiSxH9JU

Jollibee Studios. (2022d, May 4). Kwentong Jollibee Mother's Day Special 2022: Hinga (Breathe) [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=6P5clj1SXgI

Jollibee Studios. (2022e, June 18). Kwentong Jollibee Father's Day Special 2022: Portraits [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=DRxsumDJItc

Kang, J., Hong, S., & Hubbard, G. T. (2020). The role of storytelling in advertising: Consumer emotion, narrative engagement level, and word-of-mouth intention. *Journal of Consumer Behaviour, 19*(1), 47–56. https://doi.org/10.1002/cb.1793

KULTURANG POPULAR MAJOR 9. (n.d.). Scribd. https://www.scribd.com/document/514192342/KULTURANG-POPULAR-MAJOR-9

Li, V. K., Ongpauco, P. A., & Rubante, J. T. (2022). The impact of viral marketing collateral on brand image: "#KwentongJollibee" advertisement. *Journal of Business and Management Studies, 4*(1), 264–272. https://doi.org/10.32996/jbms.2022.4.1.28

Mabaquiao, N. M., Jr. (2008). Ang Nanganganib na Awtonomiya ng mga Mamimili: Isang Pagsusuri sa Etika ng mga Pangnegosyo't Pambatang Patalastas. https://ejournals.ph/article.php?id=7927

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Mga diskarte sa pagbuo ng patakaran sa advertising. Pangkalahatang katangian ng advertising at layunin nito. (n.d.). https://dropt.ru/tl/basic-tools/podhody-k-razrabotke-reklamnoi-politiki-obshchaya-harakteristika/

Richards, J., & Ross, B. I. (2015). Advertising education around the world. Michigan state. https://www.academia.edu/18656583/Advertising_Education_Around_the_World

Studocu. (n.d.). Adverproj 1 - History of Advertising - Komersiyal: An Essay on the Evolution of Filipino - Studocu. https://www.studocu.com/ph/document/dominican-college-of-tarlac/business-administration/adverproj-1-history-of-advertising/35639946

Team, C. (2023, November 8). AIDA model. Corporate Finance Institute. https://corporatefinanceinstitute.com/resources/management/aida-model-marketing/

Vergara, R. a. G. (2023). Fast food love-themed ads: Brand experience in Storytelling. https://ejournals.ph/article.php?id=19535.

Writer, K. H. S. (2022, September 8). The Full Jollibee Mascot line-up — COLLECTIVE HUSTLE. COLLECTIVE HUSTLE. https://www.kollectivehustle.com/blog/the-full-jolibee-mascot-line-up

Zhang, K., Zhang, M., & Li, C. (2021). Effects of celebrity characteristics, perceived homophily, and reverence on Consumer-Celebrity Para-Social interaction and brand attitude. *Frontiers in Psychology, 12*. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.711454.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.